TOMO 11 BILANG 9 | ISSN NO. 2599-5405 | SETYEMBRE 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kwentong Tagumpay
Page 2

BUKAS para sa LAHAT
CARD SME BANK
Page 3

FROM THE MARGINS
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus
Page 4



## CARD, INC. AT ASKI SKILLS AND KNOWLEDGE INSTITUTE, INC. NAGTATAG NG BAGONG SCHOLARSHIP PARTNERSHIP

ni Mary Rose Javier




*Mula kaliwa: CARD MRI Managing Director Aristeo Dequito, CMDI President Dr. Edzel Ramos, CARD, Inc. Executive Director Vicente P. Briones Jr., ASKI Skills and Knowledge Institute, Inc. Executive Director Mary Jane Macapagal, at ASKI Microfinance Cluster Manager Dexter Ong*

Nilagdaan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at ng ALALAY SA KAUNLARAN Inc. Skills and Knowledge Institute, Inc. (ASKI-SKI) ang isang *Memorandum of Agreement* (MOA) para sa *scholarship partnership* na magpapalakas ng suporta sa edukasyon ng mga kabataan sa lokal na komunidad. Ito ay isinagawa noong Agosto 2, 2024, sa CMDI Bay Campus sa Laguna.

"Mahalaga ang *scholarship* na ito para sa mga kabataan, hindi lamang bilang hakbang patungo sa kanilang mga pangarap kundi, bilang gabay sa kanilang kinabukasan. Ang edukasyon ang susi sa pag-angat mula sa kahirapan, kaya't mahalaga ang kalidad na edukasyon upang bigyan sila ng pag-asa at pagkakataon para sa tunay na pagbabago at pag-unlad," ani CARD, Inc. Executive Director Vicente P. Briones Jr.

Binanggit din ni Briones na patuloy na nakikipagtulungan ang CARD, Inc. sa iba't ibang organisasyon tulad ng ASKI bilang bahagi ng kanilang pagsisikap na labanan ang kahirapan at itaguyod ang mas maliwanag na kinabukasan para sa lahat.

Ang pagtutulungang ito ay naglalayong magbigay ng dekalidad na edukasyon at *scholarship* sa 50 piling estudyante sa *senior high school* mula sa Talavera at mga kalapit na bayan nito sa Nueva Ecija.

Ayon sa kasunduan, ang proyekto ay maglalaan ng PhP 1 milyon para sa scholarship na hahatiin sa PhP 20,000.00 bawat estudyante sa loob ng dalawang taon. Ang inisyatibang ito ay makatutulong sa mga anak ng mga kliyente ng CARD, Inc. at ASKI, pati na rin sa iba pang mga miyembro ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI).

Bukod dito, ang mga napiling estudyante ay ipapadala ng CARD, Inc. sa mga *campus* ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) sa Bay, Laguna; Tagum City, Davao del Norte; at Buenavista, Agusan del Norte upang mabigyan ng *scholarship* at ba pang oportunidad sa edukasyon.

Ang pagtutulungan ng CARD, Inc. at ASKI Skills and Knowledge Institute ay patunay ng kanilang matibay na dedikasyon sa pagsusulong at pagpapaunlad ng edukasyon sa mga lokal na komunidad at pagtulong sa paghubog ng susunod na henerasyon ng mga lider ng bansa.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), bisitahin ang kanilang opisyal na *website* sa https://www.cardmri.com/cardinc/.

### KOA-PINYON:

Ang edukasyon ay tunay na isa sa mga susi sa pag-angat sa buhay. Kaya maraming mga organisasyon ang naglalaan ng kanilang suporta sa mga kabataan sa pamamagitan ng pagbibigay ng scholarship upang matulungan silang makamit ang kanilang mga pangarap.




## PAGKILALA SA DEDIKASYON NG MGA KAWANI: CARD MRI, ISINAGAWA ANG BARRIO FIESTA SA BACOLOD CITY

ni Mary Rose Javier



*May kabuuang 132 na tao, kabilang ang mga kawani at kanilang mga pamilya, ang aktibong lumahok Barrio Fiesta sa Bacolod City.*

Bilang pagpapahalaga sa dedikasyon at kasipagan ng mga kawani, isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang isang Barrio Fiesta sa Bacolod City noong Agosto 4, 2024.

Ang Barrio Fiesta ay isang programa ng CARD MRI at inorganisa ng CARD MRI Hijos Tours na naglalayong kilalanin at pasalamatan ang mahalagang serbisyo ng mga kawani, kabilang ang mga *utility staff, driver*, at *security guard*, na walang sawang katuwang sa pagpapanatili ng kaligtasan at kaayusan sa komunidad ng organisasyon.

P2

## IKALAWANG PAG-IKOT NG SINEMAYA CINEMA TOUR NGAYONG TAON, ISINAGAWA SA BACOLOD CITY

ni Mary Rose Javier




*Isinagawa ang pangalawang pag-ikot ng SineMaya cinema tour noong Agosto 4, 2024 sa Bacolod City upang ipakita ang mga natatanging kwento ng microfinance clients sa pamamagitan ng pelikula.*

Ipinagpatuloy ng SineMaya – ang kauna-unahang *community short film festival* para sa mga kliyente ng *microfinance industry* – ang *cinema tour* nito sa Bacolod City noong Agosto 4, 2024.

Ang SineMaya ay isang programa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD

P3

# MEDIA LAKBAY ARAL NG CARD MRI, ISINAGAWA SA TUGUEGARAO CITY

*ni Josephine Ramos*



*Ang media briefing sa Tuguegarao City ay dinaluhan ng media practitioners mula sa Laguna, Isabela, at Tuguegarao City, kasama ang mga pangunahing opisyal ng CARD MRI sa lugar.*

Isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang ika-apat na Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program para sa mga *media practitioners* sa Tuguegarao City mula Agosto 18-20, 2024.

Layunin ng programa na bigyan ang *media practitioners* ng mas malalim na pang-unawa sa layunin at misyon ng CARD MRI bilang isang *microfinance institusyon* na naglalayong labanan ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng iba't ibang produkto at serbisyo nito.

Ayon kay CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila, "Bilang bahagi ng aming misyon na suportahan ang bawat komunidad at pamilya sa kanilang pag-unlad at magandang kinabukasan, layunin naming palakasin ang ugnayan at pagtutulungan sa *media practitioners* sa buong bansa. Kasama ng mga *media*, isinusulong natin ang pagpapalaganap ng mga tunay at makabuluhang kwento ng pag-asa at tagumpay upang magbigay inspirasyon at lumikha ng mas maraming oportunidad sa mas nakararami."

Dinaluhan ng siyam na *media practitioners* ang Panaghiusa, kabilang sina Madeliene Marasigan, Publisher ng Rapids Journal; Romulo Madrigal, Publisher ng Balitang Pinoy; Emil Jun Delos Santos, Senior Anchor ng DZJV Calamba; Via Hannah Visaya, Writer at Researcher ng Luzonwide News; Vill Gideon Visaya, Correspondent ng Balitang Hilaga; Irene Gonzales, Correspondent Reporter ng Pilipino Mirror; Eduardo Quintos, News Director ng NBS DWDY; April Jane Racho, Program Producer ng DWPE; at Michelle Bañaga, Reporter ng NBS DWDY.

Bumisita ang *media practitioners* sa mga opisina ng CARD MRI sa Tuguegarao City, kabilang ang Regional Office ng CARD, Inc., Tuguegarao Branch ng CARD MRI Rizal Bank Inc. (CARD RBI), Provincial Office ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), at CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI).

Sa kanilang pagbisita, nakapanayam ng *media practitioners* sina Chita Tamayao, isang tindera sa palengke, at Catherine Alejo Llones, isang gumagawa ng pastillas—parehong kliyente ng CARD, Inc. Binisita rin nila si Maria Luyun, isang kliyente ng CARD RBI at may-ari ng pabrika ng Miki *noodles*. Samantala, nasaksihan din nila ang mga aktibidad sa SK Soldiers Center at Adduru Center ng CARD, Inc., kung saan nakita nila ang epektibong pamamahagi ng mga produkto at serbisyo ng CARD MRI.

Upang higit pang maunawaan at pahalagahan ang lokal na kultura at kasaysayan, binisita ng *media practitioners* ang Cagayan Museum at Historical Research Center sa Tuguegarao City, at naglakbay sa Callao Cave sa Peñablanca.

Sa pagtatapos ng programa, isinagawa ang isang *media briefing* na dinaluhan ng mga opisyal ng CARD MRI. Kasama sa mga dumalo ang CARD, Inc. Regional Director na si Emmanuel Angeles, CARD RBI Regional Director na si Robert Urgino, CARD, Inc. Regional Accountant na si Mary Joy Calimag, CARD, Inc. Area Manager na si Michelle Labsang, CARD RBI Area Manager na si Raymund Apostol, CARD MBA Provincial Manager na si Marijane Ampoon, CPMI PRO na si Mark Molina, CARD MBA Claims Processor na si Ladychar Dumlao, CPMI CPRO na si Sheryl Gumabay, at CPMI Microinsurance Supervisor na si Annilou Adduru.

Ang programa ay inorganisa ng CARD MRI Publishing House, ang *communication arm* ng CARD MRI na naglalayong maghatid ng positibong impormasyon at mga kwento sa mga kliyente at miyembro ng CARD MRI

Ngayong taon, matagumpay na isinagawa ng CARD Publishing ang apat na Media Lakbay Aral sa Masbate City, Butuan City, Tacloban City, at Tuguegarao City.

## PAGKILALA SA DEDIKASYON ... P1

Samantala, ipinahayag ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip ang kanyang taos-pusong pasasalamat sa mga kawani ng institusyon. "Ang tagumpay ng CARD MRI ay hindi magiging posible kung wala ang inyong walang sawang suporta at dedikasyon. Lubos akong nagpapasalamat sa inyong paglalaan ng oras at lakas,hindi lamang sa pagpapa-unlad ng ating institusyon, kundi lalo na sa pagtupad ng ating misyon na labanan ang kahirapan sa ating bansa," aniya.

Nakilahok din ang mga kawani sa mga palaro at aktibidad na inihanda ng Hijos Tours, habang ang kanilang mga anak ay aktibong sumali sa *storytelling* at *coloring activity* na isinagawa ng CARD MRI Publishing House, Inc. Sa kabuuan, 32 na mga bata ang masayang nakibahagi sa pagkukulay at pakikinig sa kwento ng "Ang Lapis ni Anya," isang *storybook* na naglalayong ituro ang tamang paggamit ng *gadgets* at ang kahalagahan ng edukasyon sa mga kabataan.

Samantala, namahagi naman ang Mga Likha ni Inay, CARD Astro Laboratories, at BotiCARD ng mga regalo bilang pasasalamat sa kanilang mga kawani. Kabilang sa mga ipinamigay ay bigas, Indomie, *disinfecting products, vitamins,* at mga gamot, bilang pagpapahalaga sa kanilang dedikasyon at serbisyo.

"Ang selebrasyong ito ay hindi lamang simpleng pagpapakita ng aming pasasalamat sa inyong serbisyo. Nais naming iparamdam sa inyo ang tunay na halaga ng bawat isa sa atin, sapagkat tayo ay isang nagkakaisang pamilya sa loob ng ating institusyon. Ang bawat kontribusyon ninyo ay mahalaga sa ating misyon, at kasama ang CARD MRI, sama-sama tayong magtatagumpay," dagdag ni Dr. Alip.

Ang Barrio Fiesta ay magpapatuloy sa pagdiriwang at pagkilala sa dedikasyon at kasipagan ng mga kawani ng CARD MRI sa iba't ibang panig ng bansa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Barrio Fiesta at CARD MRI, bisitahin ang @HijosToursOfficial at @CARDMRIOfficial sa Facebook.

# KWENTONG TAGUMPAY

## MULA SA MALIIT NA SIMULA, TUNGO SA MALAKING TAGUMPAY

*ni Mary Rose Javier*



*Mula sa simpleng pag-aalaga ng baka hanggang sa pagiging isang matagumpay na negosyante, pinatunayan ni Daniel Aranda na ang tagumpay ay resulta ng walang humpay na pagsisikap, pagtitiyaga, at pagmamahal sa ginagawa*

"Kapag mahal mo ang ginagawa mo, tiyak na magiging maganda ang bunga nito," ani Daniel Aranda, isang pastol mula sa Lipa City, Batangas. Bagaman mahirap ang kanyang trabaho, pinili niya itong mahalin upang matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Noon, nag-aalaga si Daniel ng mga baka sa sakahan ng kanyang tiyuhin sa Padre Garcia, Tanauan, Batangas, sa halagang PhP 50.00 bawat hayop. Sa paglipas ng panahon at sa araw-araw na pagtatrabaho, lumawak ang kanyang kaalaman sa tamang pag-aalaga ng mga hayop at tumibay ang kanyang pangarap na magkaroon ng sariling sakahan.

Dahil dito, nagsimula siyang mag-ipon para makabili ng apat na baka at masimulan ang sarili niyang negosyo. Hindi naman nabigo si Daniel, dahil ngayon, mayroon na siyang sariling sakahan.

"Hindi lang naging trabaho para sa akin ang pag-aalaga ng baka, naging libangan ko rin ito," ani Daniel. "Ngunit alam ko na ang pagtatrabaho sa sakahan ay hindi sapat para maiangat ko ang aking pamilya mula sa kahirapan, kaya nagsimula akong mag-ipon para makabili ng apat na baka na maaari kong ibenta," dagdag pa niya.

Hindi naging madali para kay Daniel at sa kanyang asawa ang magkaroon ng isandaang baka na maibebenta. Tumagal ng ilang buwan ng masigasig na trabaho, determinasyon, at pasensya bago nila ito nakamit. Itinuon ni Daniel ang kanyang atensyon sa pag-aalaga ng apat na baka, at pagbebenta ng isa kada buwan. Bumibili siya ng panibagong baka kada buwan pagkatapos maibenta ang isa o dalawa. Hindi siya nawalan ng determinasyon sa kabila ng mga pagsubok sa pagbebenta, at patuloy na nagtrabaho upang mabigyan ang kanyang mga anak ng mas magandang buhay.

Kalaunan, napagtanto ni Daniel ang pangangailangan ng karagdagang puhunan para sa pagpapalago ng kanyang sakahan. Kaya't bukod sa panghihiram ng pera mula sa kanyang tiyuhin para makabili ng trak, sumali siya sa CARD SME Bank, isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD MRI na nag-aalok ng *loans* sa mga kliyente nito.

"Sobrang laking tulong ng CARD SME Bank sa mga kliyente nito, lalo na sa mga maliliit na negosyanteng tulad ko," ani Daniel. "Kapag kami ay nangangailangan, nagbibigay sila ng *loan* na malaking tulong sa pagpapaunlad ng aming negosyo," dagdag niya.

Mula noong 2011, ginamit ni Daniel ang kanyang mga *loan* mula sa CARD SME Bank bilang karagdagang puhunan para sa pagpapalago ng kanyang sakahan. Dahil sa maayos niyang pagbabayad, nagkaroon siya ng pagkakataong itaas ang kanyang *loan* mula PHP 5,000 hanggang sa mas malaking halaga, na ginamit niya sa pagpapalawak ng kanyang negosyo.

Pinalago ni Daniel ang kanyang negosyo sa pamamagitan ng mahusay na pamamahala at matinding determinasyon. Sa kasalukuyan, tumutugon na ang kanyang sakahan sa lumalaking pangangailangan sa mga lugar tulad ng Alaminos, San Pablo, San Juan, at Lipa. Bukod dito, nagbibigay rin siya ng trabaho sa kanyang mga kamag-anak at kapitbahay, gaya ng pagtulong na naranasan niya mula sa kanyang tiyuhin.

"Ngayon, may kakayahan na akong tumulong sa iba, tulad ng pagtulong na natanggap ko noon. Sa kabila ng mga pagsubok na pinagdaanan ko, handa akong magbigay ng tulong sa abot ng aking makakaya. Tunay nga na nararanasan ang tunay na kasiyahan kapag ibinabahagi natin ang ating mga biyaya at kaalaman," pahayag niya.

Nais ni Daniel na magdulot ng positibong epekto sa kanyang komunidad sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kaalaman at pag-asa na kahit nagsisimula sa maliit, may kakayahan pa ring umunlad at magtagumpay.

# ANNIVERSERBISYO

PAGGUNITA AT PASASALAMAT

## CARD BANK, IPINAGDIWANG ANG IKA-27 TAON NG PAGLILINGKOD SA KOMUNIDAD

CARD Bank A Microfinance-Oriented Rural Bank

Ipinagdiwang ng CARD Bank, Inc. ang ika-27 anibersaryo ng kanilang dedikasyon sa pagtulong sa komunidad sa pamamagitan ng *microfinance services* at iba pang proyekto para sa kanilang pag-unlad noong Setyembre 1, 2024.

Mula sa kanilang pagsisimula bilang isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI, patuloy na itinataguyod ng CARD Bank ang kanilang misyon na paunlarin ang buhay ng kanilang mga kliyente at ng mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran. Nagbibigay ito ng tuloy-tuloy na akses sa mga serbisyong pinansyal, *microinsurance*, edukasyon, kabuhayan, kalusugan, at iba pang pagsasanay upang matulungan ang mga kliyente na mapabuti ang kanilang pamumuhay at maging aktibong bahagi ng komunidad na nagdudulot ng positibong pagbabago.

Ayon sa datos, Hunyo 2024, ang CARD Bank ay nakapaglingkod na sa 4,324,463 kliyente. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa, produkto, at serbisyo ng CARD Bank, bisitahin ang kanilang opisyal na *website* sa https://cardbankph.com/ at ang kanilang *Facebook page* sa @CARDBankOfficial.

## PAGBIBIGAY NG MICROINSURANCE: CARD MBA IPINAGDIWANG ANG IKA-25 ANIBERSARYO

CARD MBA

Ipinagdiwang ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang kanilang ika-25 taon ng pagbibigay ng *microinsurance* para sa mga miyembro at kanilang pamilya noong Setyembre 9, 2024.

Bilang *insurance arm* ng CARD MRI at isang *non-stock* at *non-profit* na *mutual benefit association*, layunin ng CARD MBA na suportahan ang mga miyembrong nangangailangan ng tulong pinansyal, tulad ng *death benefits, medical subsidy, pension,* at *loan redemption packages*. Kasama rin sa kanilang layunin ang aktibong pakikilahok ng mga miyembro sa pamamahala ng asosasyon, kabilang ang pagbuo at pagpapatupad ng mga patakaran para sa mas mahusay at makabuluhang serbisyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD MBA, bisitahin ang kanilang opisyal na *website* sa https://cardmba.com/ at ang kanilang *Facebook page* sa @CARDMBAOfficial.

## CARD PIONEER, NAGDIWANG NG IKA-11 ANIBERSARYO NG SERBISYO

CP CARD PIONEER Microinsurance Inc.

Ipinagdiwang ng CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI) ang kanilang ika-11 anibersaryo ng pagkakatatag noong Setyembre 10, 2024. Layunin ng CPMI na magbigay ng abot-kayang *insurance* sa mga kliyente at komunidad.

Ang CARD Pioneer ang kauna-unahang kompanya ng *microinsurance* sa bansa na nabuo mula sa pagtutulungan ng CARD at Pioneer. Sa pamamagitan ng kolaborasyong ito, nakapagbibigay sila ng abot-kayang *microinsurance products* tulad ng SAGIP Plan, na nagbibigay ng malawak na proteksyon para sa pang-araw-araw na pangangailangan at kaligtasan ng kanilang mga kliyente.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CPMI, bisitahin ang kanilang opisyal na *website* sa https://www.cardmri.com/cpmi/ at ang kanilang *Facebook page* na @cardpioneer.

# BUKAS para sa LAHAT

## CARD SME BANK, NAGBUKAS NG BAGONG SANGAY SA PALAWAN

*ni Harlene Joy Reyes*

Binuksan ng CARD SME Bank, Inc., isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD MRI, ang ika-41 nitong sangay sa Narra, Palawan noong Agosto 12, 2024.

Itinatag noong 2011, ang CARD SME Bank ay nagbibigay ng iba't ibang serbisyo at produktong pinansyal, mula sa *time deposits* at *savings accounts* hanggang sa *microfinance loans*. Kasabay ng pagbubukas ng kanilang bagong sangay ay ang paglulunsad ng "Senior's Hub," isang lugar na naglalayong mabigyan ng kaginhawaan ang mga nakatatanda habang sila'y naghihintay at ginagamit ang mga serbisyo ng bangko. Ang inisyatibong ito ay bahagi ng pangako ng CARD SME Bank sa pagiging bukas sa lahat at mahusay na serbisyo para sa lahat ng kliyente nito.

Ang bagong sangay nito ay matatagpuan sa Sampaloc Street, Poblacion, Narra, Palawan. Ayon sa naitala noong Hunyo 2024, mayroon nang higit sa 1.3 milyong kliyente ang CARD SME Bank at mahigit sa 8.7 bilyong *outstanding loans*. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang opisyal na *Facebook page* @CARDSMEBankOfficialPage o ang *website* na cardmri.com/cardsmebank.

## IKALAWANG PAG-IKOT... P1

MRI) na inorganisa ng Bente Productions Inc., isang *media production company* na naglalayong lumikha ng makabuluhang kwento at mahalagang impormasyon sa pamamagitan ng mga pelikula at serye.

Dinaluhan ang *cinema tour* ng mga kliyente, kawani, at iba pang mga kasamahan sa *microfinance*, kung saan kanilang napanood ang walong maikling pelikula mula sa SineMaya 2023. Ang mga pelikulang ito ay binuo ng mga kliyenteng nagbahagi ng kanilang tunay na kwento ng pagbangon at pag-asa, kasabay ng pagpapamalas ng kanilang natatanging talento sa pagsusulat ng *script*, pagdidirek, at pag-arte.

Nagbigay din ng pahayag si CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip tungkol sa malalim na epekto ng mga pelikulang ginawa ng mga kliyente sa SineMaya. "Ang mga pelikulang ito ay hindi lamang naglalaman ng magagandang kwento, kundi nagdadala rin ng pag-asa at inspirasyon sa ating mga kababayan. Ipinapakita ng mga ito na sa kabila ng mga pagsubok sa buhay, may kakayahan tayong bumangon at magpatuloy. Ang bawat hakbang na ito ay nagdadala sa atin patungo sa isang mas maliwanag na bukas, kung saan walang maiiwan at lahat tayo ay sabay-sabay na aangat mula sa kahirapan," aniya.

Ang SineMaya *film showing* sa SM Bacolod City ay dinaluhan ng 445 na mga kliyente at kawani mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), at Negros Women For Tomorrow, Inc. (NWTF).

Patuloy na palalawakin ng SineMaya 2024 ang saklaw nito, hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa mga karatig na bansa sa Timog-Silangang Asya. Layunin nitong ipakita ang mas marami pang kwento mula sa iba't ibang *social community development organizations,* na magdadala ng inspirasyon at pag-asa sa higit pang mga lugar. Sa ganitong paraan, mapapalawig ng CARD MRI ang misyon nitong tulungan ang bawat isa sa kanilang pag-unlad at magtaguyod ng mas magandang bukas, hindi lamang sa Pilipinas kundi pati na rin sa iba pang bansa.

Para sa karagdagang detalye tungkol sa SineMaya, sa susunod na *cinema tour* nito, at sa paparating na SineMaya *community film festival*, bisitahin ang *Facebook page* ng Bente Productions sa @BenteProdOfficial.

I-download na sa Google Play
CARD RBI
CARD Bank
CARD SME BANK

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Jeffrey C. Tandingan
Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# KWENTUNAY

## *Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*



### MATUTONG GUMAWA NG PASTILLAS KASAMA SI NANAY CATHERINE!

Mula sa Tuguegarao City, nagsimula si Catherine Alejo, isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), sa pagbebenta ng mga meryenda tulad ng *banana cue*, lumpiang gulay, at turon. Sa kanyang paghahanap ng bagong produkto, natuklasan niya ang pastillas, isang matamis na panghimagas na gawa sa pinagsamang *condensed* at *powdered milk*.

Sa bawat paghahalu-halo ng mga sangkap at pagsubok ng iba't ibang kombinasyon, unti-unting naabot ni Nanay Catherine ang perpektong *pastillas recipe*. Mula rito, ipinanganak ang "Cathy's Special Pastillas," isang brand na minahal ng kanyang mga suki. Ang paggawa ng *pastillas* ay hindi lamang naging mapagkakakitaang negosyo para kay Nanay Catherine, kundi isa ring mahalagang bahagi ng kanyang pang-araw-araw na buhay—isang *hobby* na nagbibigay saya at inspirasyon.

Mula kay Nanay Catherine, narito ang gabay sa paggawa ng *pastillas*:

**Mga sangkap at materyales na kailangan:**

- *Powdered Milk*
- *Condensed Milk*
- Palanggana
- *Plastic Gloves*
- *Stainless Tray*
- *Plastic Wrapper*

**Proseso ng paggawa:**

1. Ilagay ang *powdered milk* at *condensed milk* sa isang malalim na palanggana.
2. Haluin nang mabuti ang dalawang sangkap hanggang sa maging malapot ang timpla at ito ay kaya nang mahulma. Tiyaking magsuot ng *plastic gloves* upang mapanatili ang kalinisan. Karaniwang tumatagal ng 15 minuto ang paghahalo.
3. Kapag ang timpla ay nasa tamang lapot na, kumuha ng kaunting bahagi gamit ang iyong mga kamay. Bilugin ito upang makabuo ng maliliit na pastillas, pagkatapos ay ilagay ang bawat isa sa isang stainless tray.
4. Pagkatapos mabilog ang lahat ng *pastillas*, i-*roll* ang bawat piraso sa *powdered milk* upang hindi ito dumikit sa *plastic wrap*.
5. Balutin ang bawat piraso ng *pastillas* ng *plastic wrap*.
6. Handa na ang iyong matamis at malinamnam na pastillas!

*Tip* ni Nanay Catherine: Gawing mas masaya ang paggawa ng *pastillas* sa pamamagitan ng paghulma nito sa iba't ibang hugis—bilog, hugis puso, o kahit star! Ang bawat hugis ay nagbibigay ng dagdag saya sa bawat kagat!

# CROSSWORD PUZZLE


Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 9 at manalo ng PhP 100.00 load via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc,** kasama ng inyong buong pangalan, pangalan ng CARD center (kung mayroon), CARD institution, at cellphone number.

Pipili tayo via e-raffle ng sampung (10) entries na may tamang sagot hanggang **October 31, 2024** at sila ang makatatanggap ng papremyo.

Sali na!




**Pababa:**

1. Bilang isang non-stock at non-profit na mutual benefit association, layunin ng __________ na suportahan ang mga nangangailangan. Nagbibigay ito ng pinansyal na tulong sa mga kasapi tulad ng death benefits, medical subsidy, pension, at loan redemption packages.
2. Saang lungsod isinagawa ang SineMaya cinema tour ng CARD MRI noong Agosto 4, 2024?
3. Nilagdaan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at ng ALALAY SA KAUNLARAN Inc. Skills and Knowledge Institute, Inc. (ASKI-SKI) ang isang Memorandum of Agreement (MOA) para sa ______________ partnership na magpapalakas ng suporta sa edukasyon ng mga kabataan sa lokal na komunidad.

**Pahalang:**

2. Anong hayop ang inaalagaan ni Daniel Aranda, isang pastol mula sa Lipa City, Batangas?
4. Ito ay isang microfinance-oriented rural bank sa ilalim ng CARD MRI na patuloy na nagsusulong sa layunin nitong paunlarin ang mga kliyente at komunidad na kanilang pinaglilingkuran.
5. Saang lungsod isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang ika-apat na Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program para sa mga media practitioners noong Agosto 18-20, 2024?
6. Ito ay ang kauna-unahang kompanya ng microinsurance sa bansa at nabuo mula sa pagtutulungan ng CARD at Pioneer. Sa pamamagitan ng kolaborasyong ito, nabibigyan ng abot-kayang microinsurance ang kanilang mga kliyente.
7. Ito ay isang programa ng CARD MRI na inorganisa ng CARD MRI Hijos Tours, na naglalayong kilalanin at pasalamatan ang mahalagang serbisyo ng kanilang mga kawani, kabilang ang mga utility staff, driver, at security guard, na walang sawang katuwang sa pagpapanatili ng kaligtasan at kaayusan sa komunidad ng organisasyon.
8. Ito ay isang matamis na panghimagas na gawa sa condensed milk at powdered milk, at naging negosyo ni Catherine Alejo, isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) mula sa Tuguegarao City.

# SULONG COMICS

